MGA DIREKSYON PARA SA MGA LUGAR NG BOTOHAN

LUNGSOD NG BELLFLOWER
MARSO 3, 2009
PANGKALAHATANG HALALAN NG MUNISIPYO

PRESINTO 1: **Calvary Baptist Church (Family Center Foyer)**
14722 S. Clark Avenue

Ang Calvary Baptist Church ay nasa dakong silangan ng Clark Avenue sa pagitan ng Rosecrans Avenue at Somerset Boulevard. Ang Lugar ng Botohan ay isang gusali na hiwalay sa Simbahan. Pumasok sa parking lot mula Clark Avenue at ang Family Center Foyer ay hilaga ng Simbahan at may hiwalay na parking lot.

PRESINTO 5: **Thompson Park (Game Room)**
14001 Bellflower Boulevard

Ang Thompson Park ay sa kabila ng kalye mula sa football field ng St. John Bosco High School. Ang Thompson Park ay sa dakong kanluran ng Bellflower Boulevard, sa pagitan ng Rosecrans Avenue at Foster Road. Kung nakaharap kayo sa gusali, nasa kaliwa ang Game Room at kailangan ninyong ikutin ang gusali para pumasok dito; ang Game Room ay nasa pinakadulo ng gusali at may mga bintanang tinted.

PRESINTO 10: **Los Cerritos YMCA**
15530 Woodruff Avenue

Ang YMCA ay nasa dakong silangan ng Woodruff Avenue, sa pagitan ng Alondra Boulevard at Somerset Boulevard.

PRESINTO 14: Aztec Mobile Estates (Recreation Room) 9530 E. Alondra Boulevard

Nasa kabila ng kalye mula sa Full Gospel Tabernacle sa pagitan ng Clark Avenue at Bellflower Boulevard, sa dakong timog ng Alondra Boulevard. May dalawang driveway: nasa inyong kanan ang Recreation Room (may paradahan sa inyong kaliwa) pag pasok ninyo sa driveway na pinakamalapit sa Bellflower Boulevard; pwede rin ninyong pasukin ang Recreation Room mula sa driveway sa dakong kanluran (sa tabi ng pool) sa pagparada at paglalakad sa Alondra Boulevard patungong Recreation Room o sa pagmaneho (5 mph) nang paikot sa kabila ng complex na hugis U.

PRESINTO 22: Caruthers Park (Activity Room) 10500 Flora Vista Street

Mapupuntahan ang Caruthers Park sa pagmaneho nang pasilangan sa Flora Vista Street mula Woodruff Avenue. Nasa dakong timog ang park sa dulo ng kalye. Para pumasok sa Activity Room mula sa kalye: Taluntunin ang daanang patungo sa Activity Room. Para pumasok sa Activity Room mula sa parking lot: Taluntunin ang daanan lampas ng tennis court at ng basketball court at nasa kanan ang Activity Room.

PRESINTO 26: Simms Park (Room 6) 16614 Clark Avenue

Ang Simms Park ay nasa dakong silangan ng Clark Avenue, hilaga ng Flower Street. Ang park ay nasa kabila ng kalye mula sa Ramona Elementary School. Ang Room 6 ay nasa likod ng Park, kaharap ng playground at pwedeng pasukin na hindi pumapasok sa mga opisina ng Park.

PRESINTO 31: New Beginnings Fellowship (Foyer) 9336 Rose Street

Ang New Beginnings Fellowship ay nasa timog ng Rose Street sa pagitan ng Clark Avenue at Lakewood Boulevard.

PRESINTO 32: First Christian Reformed Church (Fellowship Hall) 17603 S. Ardmore Avenue

Ang First Christian Reformed Church ay nasa kantong timog-kanluran ng Ardmore Avenue at Ramona Street. Ang Fellowship Hall ay nasa dakong silangan ng gusali. Dadaan kayo sa opisina at sa may dalawang pinto para makapasok sa hall.

PRESINTO 34: Woodruff Convalescent Center 17836 S. Woodruff Avenue

Ang Woodruff Convalescent Center ay nasa dakong silangan ng Woodruff Avenue sa Rose Street, sa kabila ng kalye mula sa Rosewood Church.